

How palliative care can help

If you have an incurable or terminal illness, your local palliative care service can provide you and your family with support such as:

1. Help you to discuss your illness with your doctor and other health providers;
2. A nurse will visit you at home to see how you are going. They will monitor your health condition and liaise with your doctor;
3. Manage any physical pains or problems you may have been experiencing to give you comfort;
4. Help you understand some changes you may experience such as change in taste, loss of appetite and decrease in your energy levels;
5. Give emotional and physical support to your family and caregiver, for example, respite so that the caregiver can provide better support;
6. Help you understand your medications – what it is, what it does and when it should be taken;
7. Find options for treatment or care provided in Australia and help you choose what is best for you;
8. Help from an Occupational Therapist to modify your home, provide mobility aids and equipment, for example: hospital bed, shower chair, wheelchairs etc. so that you can be safe and comfortable at home and in the community. A small cost may apply;
9. Help to understand where financial help can be available, and how to access it;
10. Connect you to a spiritual leader (a priest, a pastor etc) or counsellor should you need to talk to someone for comfort or advice;
11. Find other services that you may need in relation to your illness.

Mga Tulong at Serbisyo ng Pangangalagang Palyatibo

(Palliative Care)

Kung ikaw ay pasyente na may sakit o karamdaman na hindi na magagamot, ang lokal na Pangangalagang Palyatibo (Palliative Care) ay makapagbibigay sa iyo at sa iyong pamilya ng tulong at suporta katulad ng:

1. Tulong sa pagkikipag-usap sa mga doktor at espesyalista, at iba pang samahan ng pangkalusugang propesyon.
2. Pagbisita ng isang nars (nurse) sa iyong bahay upang kamustahin ka at imonitor ang iyong kondisyon at makikipag-ugnay sa doctor.
3. Tulungan at mabigyan ng pangaral at gabay ang pasyente at pamilya tungkol sa anumang pisikal na problema na maaari mong nararanasan katulad ng pananakit ng katawan para mabigyan ka ng kaginhawahan.
4. Tulungan maunawaan ng pasyente at pamilya ang mga pagbabagong maaaring nararanasan ugnay sa kapansanan o sakit. Halimbawa: panlasa, kawalan ng gana sa pagkain o gaano karami ang dapat kainin at kahinaan at pagbaba ng lakas.
5. Tulong para magkaroon ng pahinga ang pamilya at tagapag-alaga ng pasyente (halimbawa: kapaguran, suporta sa emosyon at pisikal na kalagayan) at ieskeduel ito para sa ikau-unlad ng pag-aalaga.
6. Tulong upang maunawaan ng pasyente at pamilya o tagapag-alaga ang lahat tungkol sa mga gamot. Halimbawa: ano ang mga ito at ano ang epekto ng mga ito sa sakit ng pasyente at kung kailan ito dapat inumin.
7. Tulungan ang pasyente at pamilya na maunawaan ang mga serbisyo, pangangalaga at opsiyon sa Australya upang makapili ng nararapat na serbisyo, pangangalaga o opsiyon na makabubuti sa pasyente.
8. Tulong ng Okupeysyonal Terapis para baguhin ang iyong tahanan, asikasuhin na magkaroon ka ng kagamitan o ekwipment. Halimbawa: kamang pang-ospital, hawakan, upuan sa banyo o wheelchairs at alalay sa labas ng komunidad. Maaring me bayad na kaunting halaga.
9. Bigyan ng payo para maintindihan ang opsiyon tungkol sa pinansyal na tulong ng gobyerno na maaring aplayan at kung paano ito makukuha.
10. Tulong sa espirituwal na pangangailangan at mga payo (ng padre or pastor) o kanselor kung ang pasyente o pamilya at tagapag-alaga ay nakakaranas ng depresyon o kalungkutan.
11. Tulong para makahanap ng iba pang serbisyo na maaring kailanganin ng pasyente o pamilya sa ikauunlad ng sitwasyon nila.